
3

# Mother Tongue-Based Multilingual Education

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Hanapin Mo Ako!




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mother Tongue-Based Multilingual Education – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Hanapin Mo Ako!**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** May Ann S. Lordan

**Editor:** Babeth P. Gevila, Jesusa P. Ambrona, Lourdes C. Manlapus

**Tagasuri:** Jenn A. Solis, Vicente A. Pines Jr., Christopher U. Gonzalez

**Tagaguhit:** Leo Rey L. Sanchez

**Tagalapat:** Hazel Jane A. Villegas

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Janette G. Veloso, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, George N. Wong, Winnie E. Batoon, Chona M. Calatrava, Teresita E. Helgason, Jesusa P. Ambrona

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: regionxi@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Mother Tongue-Based Multilingual Education

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4:
## Hanapin Mo Ako!

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Mother Tongue-Based Multilingual Education 3 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Hanapin Mo Ako!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan sila ng pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa Mother Tongue-Based Multilingual Education 3 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Hanapin Mo Ako!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na  naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

*Karagdagang Gawain*

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.

*Susi sa Pagwawasto*

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

*Sanggunian*

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang mga sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Kumusta? Halika at sabay nating alamin ang nilalaman ng modyul na may pamagat na Hanapin Mo Ako!

Subukin mo kung paano kilalanin at gamitin ang mga pang-ukol at pariralang pang-ukol. Ito ay maaaring gamitin upang matukoy ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kwentong binasa o narinig. May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Makikilala at magagamit nang wasto ang mga pang-ukol at pariralang pang-ukol (MT3G-IVh-2.6).



*Mga Tala para sa Guro*

Huwag kalimutang basahin ang bawat panuto na makikita sa modyul na ito, upang ikaw ay maging matagumpay sa paggamit nito.

# Subukin


## Gawain 1

Tingnan ang bawat larawan at sagutin ang mga tanong. Isulat ang titik ng iyong wastong sagot sa papel o sa kuwaderno.




1. Ano ang nasa itaas ng batang babae?

   A. saranggola
   B. ibon
   C. ulap




2. Ano ang nasa ibaba ng ulap?

   A. eroplano
   B. ibon
   C. ulan




3. Ano ang nasa ilalim ng dagat?

   A. ibon
   B. isda
   C. aso



4. Ano ang nasa tulay?

   A. barko
   B. jeep
   C. bus



5. Ano ang nasa loob ng basket?

   A. mga bayabas
   B. mga mangga
   C. mga saging

## Gawain 2

Basahing mabuti ang mga pangungusap sa ibaba at hanapin ang mga pang-ukol at pariralang pang-ukol. Isulat ang iyong wastong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Ang magkaibigan ay naglalaro sa loob ng silid.
2. Inilagay ni Nanay ang sombrero sa tabi ng kabinet.
3. Hinanap ni Amy ang kaniyang tsinelas sa ilalim ng kama.
4. Ang lapis ay nahulog sa pagitan ng mga upuan.
5. Hinintay ni Roy ang kanyang kaklase sa harap ng bahay.

# Aralin 1 Hanapin Mo Ako!

Gusto mo bang malaman ang kinalalagyan o lokasyon ng isang tao, bagay o pook? Alam mo bang mayroong mga salitang ginagamit sa pagtuturo ng lokasyon at direksyon?

Ang pang-ukol ay ginagamit upang matukoy kung saang lunan o kung anong bagay ang mula o tungo, ang kinaroroonan, ang pinangyarihan o kinauukulan ng isang kilos, gawa, balak, at layon.

Nilalayon ng modyul na ito na mahubog ang iyong kaalaman sa pagtukoy sa mga salitang nagsasaad o nagtuturo sa direksyon at lokasyon ng mga tao, bagay o pook. Tara! Alamin natin kung ano ang mga ito.


## *Balikan*

Tukuyin ang mga pang-abay na pamaraan sa bawat pangungusap. Isulat ang iyong wastong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Si Lydia ay mabilis tumakbo.
2. Si Maria ay masayang pumasok sa klase.
3. Nagmamadaling tumakbo si Juan.
4. Magaling magluto ng adobo ang lola ko.
5. Si Ana ay malumanay magsalita.

May hardin ba kayo sa bahay? Paano mapagkukunan ng pagkain ang hardin?

Basahin ang usapan ng dalawang magkaibigan na pumunta sa isang hardin.



**Ana:** Wow! Ang daming halamang gulay at prutas sa hardin ni Mang Ambo.

**Sita:** May mga petsay pa na itinanim sa loob ng kahon.

**Ana:** May mga mangga pa na bagong pitas sa ibabaw ng mesa.

**Sita:** Tingnan mo, may mayang ibon sa ibabaw ng puno na kumakain ng hinog na bunga.

**Ana:** Nakita mo rin ba ng mga malalaking kalabasa na nasa ilalim ng puno?

**Sita:** Sana mayroon din kaming hardin tulad nito sa aming bakuran.


# Tuklasin

Sagutin ang mga tanong:


1. Sino ang mga tauhan sa usapang iyong binasa?
2. Ano-ano ang magagandang nakita nila sa hardin?
3. Kung ikaw ay may hardin sa bahay, paano mo alagaan ang iyong mga halaman?

# Suriin

Tingnan ang bawat larawan. Basahin ang pangungusap sa ibaba ng larawan.




May mga petsay sa loob ng kahon.



May mga mangga sa ibabaw ng mesa.



Ibon sa ibabaw ng sanga.



Mga kalabasa sa ilalim ng puno.

Basahing muli ang mga pangungusap:


- May mga petsay sa loob ng kahon.
- May mga mangga sa ibabaw ng mesa.
- Ibon sa ibabaw ng sanga.
- Mga kalabasa sa ilalim ng puno.

Basahin ang mga parirala:

- sa loob ng kahon
- sa ibabaw ng mesa
- sa ibabaw ng sanga
- sa ilalim ng puno

1. Anong salita ang nauna sa simula ng parirala?

2. Anong tawag sa mga salitang ito?




## Tandaan

Ang **pang-ukol** ay mga salitang nag-uugnay sa pangngalan, panghalip, pandiwa at pang-abay sa iba pang mga salita sa pangungusap.

Ipinapakita ng pang-ukol kung saan naroon ang isang bagay o tao, kung saan ito nagmula at kung saan ito patungo. Nagsasaad din ito ng kinaroroonan, pinangyarihan, o kinauukulan ng isang kilos, gawa, balak, ari o layon.

Halimbawa ng mga pang-ukol:


| | | |
|---|---|---|
| sa ibabaw | sa pagitan | sa loob, |
| sa harapan | sa likod | sa ilalim |




# Pagyamanin

## Gawain 1


Piliin ang wastong parirala na ipinapahayag ng bawat larawan. Isulat ang titik ng iyong wastong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. 


A. radyo sa ibabaw ng kabinet
B. radyo sa ilalim ng kabinet
C. radyo sa loob ng kabinet

2. 



A. orasan sa ibabaw ng kalendaryo
B. kalendaryo sa ibabaw ng orasan
C. orasan sa ilalim ng kalendaryo

3. 

A. pusa sa ibabaw ng mesa
B. pusa sa ilalim ng mesa
C. pusa sa loob ng mesa

4. 

A. batang natutulog sa ilalim ng kuna
B. batang natutulog sa loob ng kuna
C. batang natutulog sa itaas ng kuna

5. 

A. eroplano sa ibabaw ng mga ulap
B. eroplano sa ilalim ng mga ulap
C. eroplano sa tabi ng mga ulap


Gawain 2

Punan nang angkop na pang-ukol (**ibabaw, ilalim, tabi** o **loob**) ang patlang upang mabuo ang mga pangungusap. Isulat ang iyong wastong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Ang aking mga lapis ay nasa ____________ ng **pencil case**.




2. Ang aso ay nagtatago sa ____________ ng kariton.




3. Ang batang lalaki ay nakaupo sa ____________ ng kaniyang lolo.



4. Ang bola ay gumulong sa ____________ ng mesa.



5. Sumayaw si Ana sa ____________ ng teatro.



# Isaisip

Ang ____________ ay ginagamit upang matukoy kung saan naroon ang isang bagay, tao kung saan ito nagmula at kung saan ito patungo. Nagsasaad din ito ng kinaroroonan, pinangyarihan, o kinauukulan ng isang kilos, gawa, balak, at layon.

Halimbawa nito ay ____________, ____________, ____________, ____________ at ____________.

# Isagawa

## Gawain 1

Gawin ang bawat kilos na isinasaad at itala ang mga pariralang pang-ukol na ginamit sa bawat pangungusap. Isulat ang iyong tamang sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Ilapag ang iyong lapis sa ibabaw ng upuan.
2. Kunin ang halaman sa tabi ng mesa.
3. Ilagay ang iyong bag sa pagitan mo at ng iyong katabi.
4. Magpalipad ng eroplanong papel sa labas ng bahay.
5. Itago ang iyong aklat sa loob ng bag.

## Gawain 2

Kompletuhin ang talata sa ibaba upang mabuo ang diwa nito. Gamitin ang wastong pang-ukol mula sa kahon at isulat ang iyong tamang sagot sa papel o sa kuwaderno.


| | | |
|---|---|---|
| sa ibabaw | sa ilalim | sa loob |
| sa likuran | sa gilid | |

Noong Sabado nagpunta kami ni Tatay sa bukirin. Nakita namin ang mga ibon (1) _______ ng sanga ng mga punongkahoy. Nakita rin naming ang mga puno ng mangga na hitik sa mga bunga at kumuha si tatay ng panungkit (2) _______ ng kubo. Ang mga nakuha ni tatay ay inilagay ko (3) _______ ng basket. Bago kami umuwi, kumain kami ng langka sa hardin (4) _______ ng aming kubo. Hinati ni tatay ang mga natirang langka at inilagay (5) _______ ng mesa. Tuwang-tuwa kaming umuwi sa aming bahay.


# Tayahin

## Gawain 1

Kumpletuhin ang mga pangungusap at punan ang mga patlang gamit ang wastong pang-ukol (sa ibabaw, sa ilalim, sa itaas,at sa loob). Isulat ang iyong tamang sagot sa papel o sa kuwaderno.




1. May bus na dumaan ________ ng **flyover**.



2. Inilagay ni nanay ang mga prutas ________ ng mesa.



3. Inilagay ko ang aking tsinelas ________ ng kama.



4. May aso ________ ng kahon.



5. Ang ibon ay lumilipad ________ ng eroplano.

## Gawain 2

Basahing mabuti ang talata sa ibaba at hanapin ang mga pang-ukol at pariralang pang-ukol. Isulat ang iyong tamang sagot sa papel o sa kuwaderno.

| |
|---|
| Araw ng Linggo, pumunta ang magkaibigang Karla at Krisha sa parke. Kinuha ni Karla ang kaniyang dalang mga laruan sa loob ng bag at inilagay ito sa ibabaw ng upuan.Si Krisha naman ay inilabas niya ang kaniyang dalang mga pagkain sa loob ng basket. Habang kumakain sila nakita nila ang mga makukulay na lobo na lumilipad sa ibabaw ng mga ulap. Pagkatapos nilang kumain ay naglaro sila sa ilalim ng puno. |

## *Karagdagang Gawain*

Sumulat ng tatlong pangugusap gamit ang iba't ibang pang-ukol o pariralang pang-ukol at salungguhitan ang mga ito. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

Gawain 1
1. b
2. c
3. b
4. c
5. c

Gawain 2
1. sa loob ng silid
2. sa tabi ng kabinet
3. sa ilalim ng kama
4. sa pagitan ng upuan
5. sa harap ng bahay

**Balikan**

1. mabilis
2. masayang
3. nagmamadaling
4. magaling
5. malumanay

**Tuklasin**

Maaring magkaiba ang sagot, sumangguni sa iyong guro.

**Suriin**

1. sa loob
   sa ibabaw
   sa ilalim

2. Ang tawag sa mga salitang ito ay pang-ukol.

**Pagyamanin**

Gawain 1

| | |
|---|---|
| 1. A | 4. B |
| 2. A | 5. B |
| 3. B | |

Gawain 2
1. loob
2. ilalim
3. tabi
4. ilalim
5. ibabaw

**Isaisip**

1. Pang-ukol

2-5Maaring magkaiba ang sagot, sumangguni sa iyong guro.

**Isagawa**

Gawain 1
1. sa ibabaw ng upuan
2. sa tabi ng mesa
3. sa pagitan mo at ng iyong katabi
4. sa labas ng bahay
5. sa loob ng bag

Gawain 2
1. sa ibabaw
2. sa gilid
3. sa loob
4. sa likuran
5. sa ilalim

**Tayahin**

Gawain 1
1. sa ilalim
2. sa ibabaw
3. sa ilalim
4. sa loob
5. sa ilalim

Gawain 2
- sa loob ng bag
- sa ibabaw ng upuan
- sa loob ng basket
- sa ibabaw ng mga ulap
- sa ilalim ng puno

**Karagdagang Gawain**

Maaring magkaiba ang sagot, sumangguni sa iyong guro.

# *Sanggunian*

*Curriculum Guide sa MTB-MLE 3*, 150

*Latest MELC for MTB-MLE Grade III*, Q4

Nelia D. Bamba et.al, *MTB-MLE Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog-Baitang 3)* 2014, 21 E Boni Serrano Ave., Quezon City, Book Media Press, Inc., 384-401

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph